

# Chapter One



**H**indi magkandaugaga si Angelina Escobar sa pagtipa ng keypad ng kanyang cellphone habang nagmamadaling naglakad papasok ng *Pavillion Mall*.

Sinulyapan niya ang screen ng kanyang cellphone para alamin ang oras. Napangiwi siya. Hindi dahil sa napatunayan niyang late na nga siya sa pupuntahan niya kundi dahil sa hitsura ng kanyang gadget. Kulang na lang ay kalabitin siya niyon at magreklamo sa kanya na susuko na ito sa wear and tear.

Pero sa pagkakataong iyon, alam niyang malabong makabili siya ng sunod-sa-usong cellphone. Di niya *keri*. Kabilang kasi siya sa

mga batang isinilang na plastic na kutsarita ang nakasubo sa bibig at hindi gintong kutsara.

Nang maisip ng dalagang kilala sa palayaw na Gelay ang kalagayan ng pamumuhay nila ng kanyang pamilya ay parang ibig niyang manghina. Kulang ang salitang naghihikahos para ilarawan ang pinagdadaanan niyang hirap. Nila ng kanyang pamilya.

Noong isang taon lang ay natanggal ang Ate Rowena niya sa pinapasukan nitong pagawaan ng sardinas. Kasama ito sa isandaang trabahanteng na-lay off dahil sa paghina ng demand ng produkto ng kompanyang pinagtatrabahuhan nito.

Hindi pa man sila tuluyang naka-recover sa biglaang pagtambay mode ng kapatid niya ay mukhang naipasa kaagad nito sa kanya ang sumpa.

Siya naman ang pinag-initan ng tsekwang amo niya sa pinapasukan niyang pagawaan ng laruan. Nahuli kasi siya nitong nakadekuwatro sa oras ng trabaho. At kulang na lang ay magwelga siya dahil doon. Kailan pa naging bawal ang magde-kuwatro sa oras ng trabaho?

Nang ilapit niya iyon sa barangay captain nila para sana ay kampihan siya at samahang idulog

iyon sa husgado ay pinagtawanan lang siya nito. Ganoon daw kasi ang mga Chinese. Masyadong maraming rules na ipinatutupad.

Pero sadyang totoo nga yata ang kasabihang 'when it rains, it pours'. Dahil sa kung anong sumapi yata sa Ate Rowena niya ay nagpabuntis pa ito sa lalaking may-asawa na! Hindi naman ito makahingi ng sustento sa ama ng pamangkin niya dahil terror ang legal wife.

Kung hindi lang malaking kasalanan ay baka ginilitan na ni Gelay sa leeg ang ate niya dahil sa konsumisyon. Naturingan itong nakatatandang kapatid niya, pero daig pa yata nito ang isang labing-anim na taong gulang kung magpakatanga sa pag-ibig.

Kaya ngayon, kahit nawiwili na sana siyang maging sitting pretty na lang sa bahay nila ay hindi puwede. Naaawa na siya sa nanay nila. Ang pagiging labandera nito ang tanging inaasahan nila para sa kanilang araw-araw na pangangailangan. Ang ama nila ay matagal nang sumakabilang-buhay.

Muli siyang napasulyap sa naghihingalo niyang cellphone nang mag-vibrate iyon. Text message iyon galing kay Trixie, ang kaibigan niya mula high school na katatagpuin niya sa

mall na iyon.

*Magbibilang ako hanggang sampu. Kapag wala ka pa rin, 'wag ka nang magpapakita pa sa akin.*

Umasim ang mukha niya sa laman ng mensahe nito. Mabilis siyang nagtipa ng isasagot.

*'Wag kang ganyan, Trix. Malapit na ako. Sobrang lapit na talaga.*

Papaakyat na siya ng escalator patungo sa ikatlong palapag nang mag-reply si Trixie.

*Gaga ka. Baka dito na ako maging gurang sa coffee shop sa tagal mo. Inabot na ako nang siyam-siyam dito.*

Natawa nang mahina si Gelay. Halos tatlong oras na siyang late sa usapan nila. Sinamahan pa kasi niya ang kanyang kapatid sa health center para mapabakunahan si Katkat, ang pamangkin niya.

*'Wag na 'wag kang aalis diyan kung ayaw mong isumpa kita. Alam mo namang wala akong pamasahe pauwi. Heto na, nasa third floor na ako. Sa'n banda ka?*

Tumigil muna siya sa gilid ng escalator para hintayin ang reply nito. Mayamaya pa ay nag-vibrate ang cellphone niya.

*Nasa loob ako ng A bite and a cup of Bliss. Bilis na! May nakita akong Papabols. Magbibilang ako*

*hanggang lima.*

Mabilis ang kilos na hinanap niya ang naturang coffee shop na sinabi nito. Nakita naman niya iyon kaagad. Dali-dali siyang pumasok sa loob.

Biglang tumunog ang cellphone niya. Ang pangalan ng kapatid niya ang nakarehistro sa screen. Sinagot niya ang tawag habang itinutulak ang glass door. Transparent iyon kaya kita na niya ang kinapupuwestuhan ni Trixie.

“O, ’Te?” bungad niya.

“Gelay, nasaan ka?”

Nagtaka siya sa tono ng boses nito.

“Nasa *Pavillion* ako. Bakit?”

“Sinumpong na naman si Nanay ng hika. Bumili ka ng gamot pag-uwi mo.”

Agad na nabahala ang dalaga. Pero mas nakakabahala ang kaalamang wala siyang pera.

“Te, wala akong pera. Naghahanap pa ako ng trabaho. Mangutang ka na lang muna d’yan.”

“Di nagpapautang ang botika. Gawan mo ng paraan. Nahihirapang huminga si Nanay.”

“Sige, susubukan kong makahanap ng paraan.”

“Bilisan mo diyan, Gelay. Siyanga pala, ’wag mong kalimutang bilhan din ng diaper si Katkat.”

“Ate naman. Di ako nagsa-shopping, baka nakalimutan mo. Ano’ng gusto mong gawin ko? Magnenok dito?”

Tumawa ito sa kabilang linya. “Gaga. Baka ma-CCTV ka.”

Wala sa sariling napaikot ni Gelay ang mga mata niya. Muli niyang itinulak ang pinto, pero ayaw bumukas. Inipit muna niya sa pagitan ng tainga at balikat ang hawak na cellphone saka dalawang kamay na muling itinulak ang salaming pinto pero ayaw pa rin.

Nakita niyang pinagtitinginan na siya ng mga customers sa loob. Kumunot ang noo niya. Kung sipain na lang kaya niya ang pinto?

“It says ‘pull’. Not ‘push’,” said a voice behind her. “Do you know the difference between pull and push?”

Nilingon niya ang nagsalita. Pakiramdam niya, pati ang kanyang mundo ay ni-wrecking ball ni Miley Cyrus. Kumabog nang pagkalakas-lakas ang dibdib niya nang matitigan ang guwapong nilalang sa kanyang harapan.

Wala sa sariling hinagod niya ito ng tingin. Mula sa bumbunan nito hanggang sa suot nitong itim na sapatos.

Nang matapos siya sa ilang pabalik-balik na

paghagod ng kabuuan nito—up and down—ay muli niyang pinagpala ang mga mata sa pagtitig sa nakakawindang nitong kaguwapuhan.

Ngayon siya nagsisi kung bakit napag-iwanan na sa uso ang cellphone niya. Kung sana lang may camera iyon ay baka kinunan na niya ito ng picture at ipinagyabang sa buong baryo nila.

Hindi rin biro para sa isang kagaya niya na makadaupang-palad ang isang makatuliro sa guwapong nilalang.

“You can’t find the answer to my question in my face so stop staring at me,” he said with a frown.

Hindi pinansin ng dalaga ang sinabi nito. Nagpatuloy pa rin siya sa pagmamasid dito. He was tall; probably six feet tall or more. Hanggang kilikili lang siya nito.

Narinig niyang tumikhim ito.

“You don’t seemed to understand my question. Just forget it. If you’ll excuse me, you’re blocking my way.”

Bahagya siyang napaatras nang masagi siya nito sa braso nang lagpasan siya nito at hinila ang glass door. Tulalang napatitig lang siya sa likod nito.

Nang maalala ang sinabi nito—rather,

tinanong—ay mabilis niya itong sinundan. Pero sadyang may gusto yata sa kanya si Kamalasan nang mabangga niya ang papalapit na waiter na may tangan na tray na naglalaman ng dalawang tasa ng umuusok na kape.

Rinig niyang nagsinghapan ang mga taong kanina pa pala nakatingin sa kanya, o baka sa lalaking nasa unahan niya. Wala naman kasing kapansin-pansin sa kanya. Pero ang guwapong mama, agaw-atensyon ang kaguwapuhan.

Kasabay ng sigaw niya dahil sa init mula sa natapong kape na naglanding sa hita niya ay ang tili ng isa pang babae.

“Shit! Ang init! Oh, my God! I’m gonna die!”

Itinikom niya ang bibig at nagtaas ng kilay. Masusi niyang tiningnan ang kalagayan ng babae. Bukod sa napansin niyang ubod ng ikli ang suot nito ay wala namang problema rito.

Dinuro siya ng babae. “You clumsy bitch! I almost got killed because of your foolishness! Kung sa mukha ko natapon iyong kape, ha? May ipangpapaopera ka? Kayo ng istupidong waiter na ’to?” anitong tinapunan ng matalim na sulyap ang pobreng waiter—na panay ang hingi ng dispensa.

Tumayo ang kasama nitong babae. “Olivia,



stop. Hindi nila iyon sinadya. Isa pa, natilamsikan ka lang.”

“Ma’am, in behalf of my crew, I would like to apologize for the inconvenience,” singit ng guwapong lalaki. Nasa tabi na pala niya ito.

“And who are you?” pagtataray ng babae kay Pogi.

“I’m the owner of this café. My sincerest apology for what happened.”

“Okay. Palalampasin ko muna ito ngayon dahil humingi ka ng dispensa. Pero pagsabihan mo iyong tauhan mo, ha! At itong bobitang babaeng ’to,” anang impakta, sabay ismid sa kanya.

“It was my fault. But still, I’m going to talk to my crew, Ma’am,” hinging-paumanhin uli nito.

Biglang ngumiti ang babaeng at iniabot ang kamay nito sa lalaking nagpakilalang may-ari ng coffee shop. “Don’t call me ‘Ma’am’. That’s too formal. I’m Olivia. And you are...?”

“Flynn,” pagpapakilala rin ng lalaki. “Flynn Voltaire Romano.”

Tahimik na aalis na lang sana roon si Gelay—dahil unang-una, wala siyang planong maging witness ng introduction ng mga ito sa isa’t isa; at pangalawa, wala naman na siyang kinalaman sa

usapan ng dalawa—pero biglang hinawakan ni Flynn ang braso niya.

Nagtataakang napatingala siya rito. “Bakit?”

Sa halip na sumagot ay basta lang siyang hinila nito. They headed to the door.

“Shut up,” supladong turan ni Flynn.

Napasimangot siya at pumiksi. Siya na ang nagkusang tumulak sa pinto. Pero nainis lang siya lalo nang hindi iyon mabuksan-buksan.

“Don’t you know how to read? It didn’t say ‘pull,’” komento nito.

Isang matalim na sulyap ang iginawad ni Gelay sa lalaki.

“You really don’t know the difference of push and pull, do you?” Kung nang-iinsulto ito o ano, wala siyang pakialam.

Pinandilatan niya ito. “Sino’ng maysabing hindi? Alam ko kaya! Para sabihin ko sa ’yo, magkaiba sila ng spelling!”

Kasabay niyon ay hinila niya ang pinto at nang bumukas iyon ay nagpatiuna na siyang lumabas.

Nang biglang maalala niya si Trixie. Naiwan nga pala niya ito sa loob ng café. Napilitan siyang bumalik sa pinanggalingan.

“Where do you think you’re going?” pigil ni

Flynn, nakasunod pala ito sa kanya.

“You stop English me!” bulyaw niya rito.

Kung inaakala nitong titiklop siya dahil sa pag-e-English nito, puwes, nagkakamali ito! Hindi man siya nakatapos ng college ay naiintindihan niya ang mga pinagsasabi nito.

“Just stop complaining, will you? I’ll bring you to the doctor and have your leg check. Baka napasong hita mo.” Bagaman blangko pa rin ang mukha ay mahinahon na ang boses nito.

Hindi nakatugon si Gelay. Ngayon kasing hindi na nagsusuplado si Flynn, napatunayan niyang maamo nga talaga ang mukha nito. Crush material.

He extended his hand to her. “Let’s go?”

She just looked at him with a funny expression on her face. Hindi niya alam kung kikiligin o... kinikilig na yata siya?

# Chapter Two



Napasimangot si Gelay nang pinagtawanan siya ni Trixie pagkatapos niyang ikuwento, down to the tiniest details, ang nangyari sa kanya sa *Bliss*, ang café na pag-aari ni Flynn.

Kasalukuyan silang nasa loob ng isang pribadong clinic, di-kalayuan sa *Pavillion Mall*. Sumunod pala roon ang kaibigan niya nang makita nitong nagpatangay siya sa guwapong nilalang na nakasagupa niya kanina.

“Sige, pagtawanan mo ako, bruha ka. Kapag, nabingwit ko si Flynn, di kita iimbitahin sa kasal namin,” pang-aasar niya sa kaibigan.

Mas lalong lumakas ang tawa ni Trixie. “Asa

ka pa, 'day. Subukan mo kaya munang uminom ng kape? Nang magising ka sa ilusyon mo.”

“This isn't just an ilusyon, mare. Type ko talaga siyang bingwitin,” she said, her eyes dreamy.

“Okay ka lang? Sa guwapo n'un?” nandidilat na wika nito. “At sa hitsura mong 'yan?”

Ganoon na lang ang pagsimangot niya. “Sa hitsura kong 'to? Are you making lait on my beauty? Aba! Ikaw ang uminom ng kape, mare! Nang magising ka at makita mo ang tunay kong ganda.”

Marami kaya ang nagsasabing kamukha ni Gelay si Kathryn B—as in Kathryn Batungbacal—ang palaging muse sa barangay nila tuwing fiesta.

Bumungisngis si Trixie. “Wag ka na kasing umasa. *Waley* siyang paki sa sinasabi mong beauty, mars. Iniwan ka nga niya pagkatapos kang ipatapon dito, di ba?”

Nanghahaba ang nguso niya sa sinabi ng kaibigan. Paano ay tama ito. Pagkatapos siyang ibaba ni Flynn sa nasabing clinic ay hindi man lang ito nag-abalang bumaba rin. Sinabihan lang siya nitong pumasok sa loob at naghihintay na di-umano sa kanya ang kaibigan nitong doktor na siyang may-ari ng klinikang iyon.

“Busy siyang tao, maiintindihan ko ‘yun,” pagtatanggol niya pa rin kay Flynn. Sa tinubuan na talaga siya ng crush dito! “Ang guwapo talaga niya, ‘no!”

“Magtigil ka sa love-love na ‘yan, Angelina Escobar,” saway ni Trixie sa kanya. “Di ka mabubusog diyan. Ano, mag-a-apply ka pa, di ba? Tara na.”

Dahil sa pagbanggit nito ng magic word na ‘busog’ ay kumalam ang sikmura ni Gelay. Hindi pa nga pala siya kumakain ng breakfast.

“Trix, pahiram ng limang daan. Bibili ako ng gamot ni Nanay, saka diapers na rin ni Katkat. Maawa ka sa inaanak mo, naubos na ang stock niya,” ungot niya.

Walang kiyeme na dumukot ito sa bag. “Turuan mo kasing gumamit ng arinola.”

Kahit may pagkataklesa si Trixie at walang preno ang bibig, alam niyang hindi siya nito kayang tiisin. Mag-aabot ito hanggang may maitutulong. May trabaho kasi ito sa call center.

“Dalawang buwan pa lang si Katkat, pag-aarinolahin mo na?” angal niya.

Pagkaabot ng pera sa kanya ay tumayo na si Trixie. “Tara na nga. Matutulog pa ako, bangag na ang pakiramdam ko. Isang ihip na lang ng

hangin sa akin, paniguradong matutumba na ako dahil sa antok.” Graveyard shift kasi ang babae sa trabaho nito.

Tumayo na rin siya at inakbayan ito. “Saka ka na bumulagta. May hihingin pa akong pabor sa ‘yo.”

Nagdududang sinulyapan siya nito habang papalabas na sila ng klinika.

“Ano na namang kabalbalan ‘yan, Gelay?”

Ngumisi siya. “Nakita ko ‘yung isang stall na malapit sa café ni Flynn, may hiring sila. Tulungan mo akong makapasok d’un. Please?”

Nahihiya kasi siyang mag-apply. Sa tuwing maghahanap siya ng trabaho, si Trixie ang tagapasa niya ng resume at magsisilbing press release officer niya.

Pinandilatan siya nito. “Balak mo talagang karirin ang panlalandi?”

Ganoon na lang ang iling ni Gelay. “Magtitino ako, promise! Trabaho talaga ang priority ko.”

“Nakakaduda ‘yang hitsura mo,” komento nito. “Sa iba ka na lang mag-apply.”

“Sige ka, sasabihin ko kay Chase na may gusto ka pa rin sa kanya,” pananakot niya. “At nangso-stalk ka pa rin sa *Facebook* niya.”

Si Chase ang ‘the one that got away’ sa buhay

ni Trixie. At one hundred percent sure si Gelay na hindi na ito makakatangi pa sa hihingin niya. Sigurado siyang hindi gugustuhin ng kaibigan niyang malaman ni Chase na ito pa rin ang bukambibig ni Trixie tuwing nalalasing ang huli.

“Akin na ang biodata mo. Susubukan ko.”

Ang laki ng ngiti ni Gelay.



“Sawa na ba kayong maging chaka at gusto na ninyong gumanda? Subukan ang aming *Hidden Beauty Secret Soap*. Sa sobrang masekreto ng produktong ‘to, magigising na lang kayo isang umaga na kasing-ganda ko na!”

Hindi na mabilang ni Gelay kung ilang beses na niya iyong isinigaw sa labas ng stall ng *RGT Beauty Products*. Kanina pa siya pinagtitinginan ng mga tao, pero wala man lang bumili sa mga ito.

Ngawit na ang panga niya sa pekeng ngiting nakaplaster sa kanyang mukha. Ngawit na rin ang mga binti niya dahil sa ilang oras niyang pagkakatayo roon.

“Gusto ba ninyong maging instant maputi pero walang madaming ka-ek-ekan? Subukan ninyo ang aming *Dyaran! Whitening Cream*. Sa isang pahid mo lang, ready to rampa ka na!”

Ganoon pala kahirap ang pinasukan niyang



trabaho. Hindi naman kasi siya nagtanong ng kung anu-ano nang mag-apply siya noong isang linggo. Ang importante lang kasi sa kanya, magkaroon ng trabaho. Para makatulong sa pamilya niya at para makasilay na rin kay Flynn, kung papalarin. Malapit lang kasi ang stall ng *RGT Beauty Products* sa coffee shop na pag-aari ng lalaki. And for sure, kung doon siya magtatrabaho, hinding-hindi siya masisisante. Dahil hindi siya makakade-kuwatro sa oras ng trabaho.

Standing ovation kasi ang pang-araw-araw na drama niya roon bilang isang promodiser slash assistant. *Napakahirap!*

Pero lahat ay kaya niyang tiisin, alang-alang sa pagmamahal niya sa kanyang pamilya. Bonus na lang kung makasilay siya kay Flynn.

But speaking of the handsome creature, mag-iisang linggo na niyang hindi ito nakikita na dumaan sa harap ng stall nila. Saan kaya ito nagtatago?

“Psst, Gelay!”

Nilingon niya ang tumawag sa kanya. Si Inah, ang kasamahan niya sa trabaho. Pero dahil mas nauna itong nagtrabaho roon sa kanya, instant promoted ito nang pumasok siya.

“O, bakit?”

“Magpahinga ka muna. Saka ka na mag-customer calling mamaya. Mas madaming tao kapag hapon.”

Nakahinga siya nang maluwag. Mabuti at makakaupo na rin siya sa wakas. Mabilis siyang pumasok sa loob ng stall at sumalampak sa sahig.

“Inah, ilang buwan ka na dito?”

“Magtatatlo,” anito habang nagpapatas ng mga produkto nila sa loob ng estante. Silang dalawa lang ang naroon dahil umalis ang head nila. Bibisita umano ito sa isa pang branch na nasa kalapit na supermarket.

“Kilala mo ‘yung guwapong lalaki diyan sa *A bite and a cup of Bliss*?”

Nagtataakang lumingon ito sa kanya. “Si Sir Flynn?”

“Kilala mo nga?” Bigla siyang na-excite.

“Crush siya ni Ma’am Shiela,” anitong ang tinutukoy ay ang head nila. “Pero di ‘yan namamansin kay Ma’am. Suplado.”

“Baka naman di talaga niya type si Ma’am,” nasisiyahang komento niya.

“Wag mong iparinig ‘yan kay Ma’am Shiela, baka sisantehin ka niya.”

Natawa siya. “Joke lang, uy. Pero sa tingin mo,

bakit kaya di siya namamansin?”

Nagkibit-balikat si Inah. “Ewan. Di ako nagtatanong kay Ma’am. Baka akalain niya may gusto rin ako. Masisante pa ako.”

“Wala kang crush kay Flynn?”

Naging mailap ang mga mata nito. “W-wala.”

“Mamatay ka man?”

Pinandilatan siya nito. “Wag mong ipagsasabi, ha? Baka mawalan ako ng trabaho.”

“Dontcha worry, kaibigan. Di tayo magbubukingan.”

“May crush ka din sa kanya?”

Ngumisi siya. “Di lang basta crush. In love ako sa kanya, *gerl*.”

“Talaga? Naku! Sayang naman.”

“Bakit naman sayang? Dahil di na siya mapapasaiyo? Okay lang ‘yan. Ibalato mo na siya sa akin. Ihahanap na lang kita ng iba,” ngiting-ngiting sabi niya.

Nagpatuloy ito sa pagpapatas. Lotions naman ang inaayos nito. “Di yan ang ibig kong sabihin.”

“Ano?”

Lumingon ito. “May girlfriend na siya, Gelay.”

Nalaglag ang panga niya sa narinig. “Gaano kaganda?”

“Sobrang ganda. Ang kinis at ang puti. Parang

artista.”

Wala sa sariling nasapo niya ang nasaktang dibdib. May nagmamay-ari na sa sinisinta niya. At mukhang artista raw. Paano niya tatalbugan iyon? Kailangan niyang maging diyosa.

Inilibot niya ang paningin sa estante. “Epektibo ba ang mga produkto natin dito, Inah? P’wedeng ma-try ko?”

“O, ayan pala si Sir Flynn at ang girlfriend niya. Ikaw na ang humusga kung makakaya ba ng produkto natin ang instant makeover mo,” biglang sambit ni Inah.

Awtomatikong natuon ang paningin ni Gelay sa kalapit na coffee shop. Nakita niyang papalabas doon ang kinahuhumalingan niyang lalaki. Nakangiti si Flynn sa kasamang babae na nagsasalita habang bumubungisngis.

Teka, bakit hindi niya napansin na dumaan ang mga ito? Nalingat ba siya?

Pero... lintek! Tama si Inah. Ang ganda ng babaeng nakaabrisyete sa braso ni Flynn. Kasingganda yata ito ng diyosa at kasimputi ni *Snow White*. Mukhang hindi produkto nilang *Pampa* ang kailangan niya.

Ang kailangan niya ay si *Maleficent* at ang kapangyarihan nito.

# Chapter Three



Lu-lugong tinungo ni Gelay ang comfort room nang hapong iyon. Dapat sana ay magsaya siya dahil TGIF na.

Isa pa, suweldo na. Pero kabaliktaran ang nadarama niya. Walang saya. Hindi pa man kasi niya nahahawakan ang susuwelduhin para sa buong kinsenas ay batid niyang wala nang matitira sa kanya.

Sobrang lalim kasi ng pagkakabaon nila sa utang. May binabayaran pa silang renta sa bahay, among all other expenses. Mukhang malabo na talagang makabili siya ng bagong cellphone. Tiis-tiis na naman uli.

Tahimik na tinungo na lang niya ang isa sa

mga cubicles at doon naupo.

“Hello?”

Nagsalubong ang mga kilay niya nang marinig ang boses ng isang babae. Galing iyon sa katabing cubicle. Baka na-bore ito sa pagsagot sa tawag ng kalikasan kaya marahil kinakausap siya.

She was about to answer the girl’s greeting nang maunahan siya nitong magsalita.

“I missed you too, babe.”

Noon niya napagtantong hindi siya ang kinakausap ng taong nasa kabilang cubicle. Baka may kausap ito sa telepono. Ipinagwalang-bahala na lang niya iyon.

“I’m afraid I can’t,” sabi uli ng boses. “Yes, we’re having a date.” Nagkaroon ng patlang. “Of course, In fact, s’abi ni Flynn kanina ay may importanteng iaanunsyo siya mamaya.” Malandi itong tumawa. “Oh, mahal. Iba ka kay Flynn. Hinding-hindi kita ipagpapalit sa kanya, you know that.”

Dumiin ang pagkakakunot ng noo ni Gelay. Bakit nabanggit si Flynn?

“Yeah, thanks. Baka magpo-propose na siya. Mabuti iyon at nang matapos na ang pagpapanggap ko. Can’t wait to be with you, babe.”

Si Flynn ba na crush niya ang Flynn na tinutukoy ng babaeng nasa kabilang cubicle? Dahil sa isiping iyon ay napamura siya nang malakas.

“Who’s there?” malakas na tanong ng boses.

She started to panic. Nakarinig siya ng katok mula sa gilid niya. No—malakas na binayo nito ang dingding ng cubicle.

Kaagad na pinagana niya ang isip. Inipit niya ng dalawang daliri ang ilong at pilit nagboses-matanda.

“Ano’ng problema mo, ineng? ‘Wag mong pukpukin itong dingding, ninenerbyos ako,” aniya.

Tagaktak na ang pawis niya sa noo. Nagsisimula na siyang panginigan ng binti.

Narinig niya ang tunog ng pag-flush ng bowl sa kabilang cubicle. Mukhang tapos nang magbawas ng ‘kasalanan’ ang babae. Ibig sana niyang silipin kung sino ang nasa loob niyon, pero baka mahuli siya at mabukong hindi siya matanda.

Mayamaya pa ay narinig niya ang pagbukas ng pinto sa kabilang cubicle. Dali-dali siyang nagpunas at nag-flush. Pasimpleng dumapa siya sa sahig at sumilip sa labas mula sa open part ng

pinto ng cubicle na kinaroroonan niya. Makinis at maputing binti ang nakita niya. Mukhang nakaharap ang babae sa salamin.

Nang makitang papaalis na ito ay mas lalo niyang pinag-igi ang pagkakadapa sa sahig. Wala na siyang pakialam kung nakadikit na ang pisngi niya roon.

Ganoon na lang ang panlalaki ng mga mata ni Gelay nang tuluyang mabistahan ang likod ng babae. Kilalang-kilala niya ito.

*Si Snow White! May sa bruha si Snow White!*



Hindi maipinta ang kasayahan sa mukha ni Flynn habang papasok siya sa loob ng Pavillion Mall. Any moment from now, he was going to ask Chloe to spend her lifetime with him.

Kinapa niya ang kahita ng singsing na nasa chest pocket ng kanyang polo shirt. Paniguradong matutuwa ang girlfriend niya. Matagal na rin kasi niyang naririnig ang pagpaparinig nito na gusto na raw nitong lumagay sa tahimik.

She wanted them to get married. Dangan nga lamang at nagdadalawang-isip pa siya nang mga panahong iyon. Pero hindi na ngayon. Sigurado na siyang si Chloe ang gusto niyang makasama habambuhay.



Napangiti siya nang maisip ang maaaring maging reaksiyon ng nobya. Alam niyang masosorpresa ito.

Narinig niyang tumunog ang cellphone niya mula sa bulsa ng kanyang pantalon. Hinugot niya iyon at sinagot.

“Tol? Sa’n ka na? Nandito na kami. Chloe texted me, parating na siya,” bungad sa kanya ni Sky, ang best friend niya.

“Paakyat na ako, pare. Maghanda na kayo. ‘Wag kayong pahalata, ha?” paalala niya rito.

“Everything’s settled now, Flynn. All you just have to do is use your convincing power to make Chloe marry you and live happily ever after,” natatawang sabi nito sa kabilang linya.

Napangiti siya. “I will. Thanks, pare.”

Hindi pa rin nabubura sa mukha niya ang ngiting iyon habang ipinagpatuloy ang paglalakad. Nakita niyang nagsiksikan ang mga tao papunta sa escalator kaya nagdesisyon siyang gamitin ang hagdanan patungo sa third floor.

Payday nga pala nang araw na iyon. Kaya marahil dagsa ang mga tao sa shopping malls.

Papaliko na siya patungo sa hagdanan nang may mahagip ang tingin niya. Kasabay ng pagkawala ng ngiti niya ay ang pagtiim ng

kanyang mga bagang.

Hindi na niya itinuloy ang tangkang pag-akyat sa ikatlong palapag kung saan naroroon ang pag-aari niyang café. Sinundan niya ang parehang kulang na lang ay langgamin sa tindi ng pagkakalingkis ng mga ito sa isa't isa.

The pair was Chloe and Rod. Ibig manlaki ng ulo niya. He couldn't believe what he was seeing! The girl he'd been planning to marry was having an affair with another man! Of all people, kay Rod pa. Ang isa sa mga chefs ng kanyang restaurants.

Kuyom ang kamaong tumalikod siya at umakyat ng hagdanan. Chloe just proved to him that she wasn't worth a ring.

Minura niya ang dalawa sa isip.



Kanina pa aligaga si Gelay. Hindi siya makasigaw nang maayos. Parang may bumabara sa lalamunan niya. Marahil dahil iyon sa disinasadyang pagkakasagap niya ng umaatikabong tsismis!

Pinagtataksilan si Flynn ng girlfriend nito. Kung ano ang ikinaputi ni 'Snow White' ay siyang ikinaitim ng budhi nito.

Kailangan niyang balaan ang binata hangga't

hindi pa huli ang lahat. Pero ang tumataginting na tanong, paano?

Pumasok siya sa loob ng stall at hinarap ang boss niyang abala sa paglalagay ng pulbo sa mukha.

Mahinang tumikhim siya. “Ma’am Sheila, CR po muna ako.”

“Sige lang.”

“Bibili rin po ako ng kape diyan sa tapat, Ma’am,” pagpapaalam niya.

Noon siya nito nilingon. “Sa *Bliss* ka bibili?”

“Opo, Ma’am,” kiming sagot niya.

“Ibili mo rin ako ng tsa. At isang chocolate cheesecake,” utos nito at dumukot ng pera sa kaha.

Pagkaabot nito ng pera sa kanya ay kaagad siyang umalis. Mabilis pa sa *Air21 Express* na tinungo niya ang *A bite and a cup of Bliss*.

This time, hindi na niya kinalimutan ang kaibahan ng tulak at hila. She pulled the door open and stepped inside.

Sinalubong kaagad siya ng mabangong aroma ng kape at iba’t ibang amoy ng pastries. Halos lahat ng upuan sa loob ng café ay okupado ng mga customers.

May ibang ambiance din ang paligid. Hindi

niya alam kung mata lang ba niya iyon, pero mukhang may kakaiba talaga. Mula sa kilos ng mga crew na animo ay may hinihintay na darating hanggang sa mga customers din na napapasulyap tuwing tutunog ang wind chime sa pinto tanda ng papalabas o papasok na customer.

Malikot ang mga matang tinungo niya ang counter at nag-order. She was hoping she could see Flynn in there. Pero ni anino nito ay no show.

“Two slices of chocolate cheesecake, one mocha frappé and one green tea,” aniya sa cashier na nasa harap ng counter.

Nakangiting tumango ito at inabutan siya ng number card.

“Miss...” mahinang tawag niya sa service crew.

Nakangiting bumaling ito sa kanya. “Yes, Ma’am?”

She leaned closer to the counter. “Nasaan si Flynn?”

“He’s in the kitchen. May kailangan ka po ba sa kanya, Ma’am?” Tabingi na ang pagkakangiti nito.

“U-uhm... never mind.” Tumalikod na siya.

Tinungo ni Gelay ang isa sa dalawang natitira na bakanteng upuan. Tahimik siyang umupo roon at nagsimulang magnilay-nilay. Kailangan

niyang pagplanuhang mabuti ang gagawing hakbang.

Kailangang mapaniwala niyang hindi santa kundi bruha ang girlfriend ni Flynn. Pero malaking palaisipan pa rin sa kanya kung paano.

Lihim na napamura ang dalaga. Mukhang mapapasubo yata ang kinakalawang na utak niya.



“Ba’t ba di ka mapakali diyan, ‘tol? Alalahanin mo, magpo-propose ka lang. Hindi pa nanganganak ang misis mo kaya kumalma ka.”

Matalim na sinulyapan ni Flynn ang natatawang si Skylar, ‘Sky’ kung tawagin ito. Kasalukuyan silang nasa loob ng opisina niya sa *Bliss*.

Hindi nito pinansin ang nagbababalang tingin niya. Sanay na ito sa kanya. Naging magkklase sila nito nang unang taon nila sa kolehiyo sa kursong Culinary Arts, at simula noon, pinauso nila ang bromance.

Ang hilig kasi nitong dumikit sa kanya.

“Stop laughing at me, Uytingco,” mariing saway niya rito.

Hindi pa rin mawaglit sa isipan niya ang nakitang eksena kanina. Pinagtataksilan siya ng girlfriend niya! Niloloko siya ng babaeng

pakakasalan niya. Paano siya kakalma?

Kung malalaman siguro ni Sky ang dilemma niya, baka ito pa mismo ang mag-abot sa kanya ng kutsilyo para maglaslas na siya.

“May sasabihin ako, ‘tol.”

His friend crossed his arms across his chest. “Tungkol saan?”

“It’s about the proposal.”

“What about it?”

Akmang magsasalita siya nang biglang pumasok sa opisina niya ang isa sa kanyang mga tauhan.

“Sir Flynn, gusto daw po ni Sir Leigh na ipatikim muna sa inyo ang gawa niyang chocolate cupcakes na gagawing giveaways mamaya pagkatapos ng proposal.”

“Tikiman ba? Ako na,” prisinta ni Sky.

Lumabas ito sa opisina niya at dumiretso sa kanugnog na kusina. Napabuntong-hininga si Flynn at sumunod.

Naabutan niya si Sky na nilalantakan ang isa sa mga cupcakes na gawa ni Leigh.

“Guys, hindi ko na itutuloy ang proposal,” wala sa loob na anunsyo niya sa dalawa. He even tried hard to make his voice sound casual.

Sabay na napabaling sa kanya ang mga

kaibigan.

“What did you say?” ani Sky.

“Seryoso ka, brod?” bulalas ni Leigh.

Lumapit siya sa kitchen counter at itinukod ang dalawang kamay saka pinakawalan ang isa pang buntong-hininga.

“I want to back out and I’m serious,” pinal niyang sabi.

“Normal lang ‘yan, Flynn,” saad ni Sky. “Baka nanghihinayang ka lang sa pagiging buhay-binata mo.”

“Wag kang ganyan, ‘tol. Naghirap akong gawin ‘tong mga cupcakes na ‘to para suportahan ka sa pananahimik mo, kaya makisama ka,” sabat ni Leigh.

“Parang threatened ka yata sa pagiging single ni Flynn, Leigh?” natatawang puna ni Sky.

Tumawa ang chef. “Nai-insecure ako. Akalain n’yo ‘yun? Sa guwapo kong ‘to.”

Nag-high-five ang dalawa. Pero wala sa mood si Flynn para makisabay sa biruan ng mga ito. Walang kasing-laki ang problemang kinakaharap niya.

Kinuha niya ang kahita ng singsing sa loob ng chest pocket. Binuksan niya iyon at itinapat ang kumikinang na diamante sa ilaw. Walang

kasing-ganda ng kislap niyon. Hindi bagay sa isang babaeng kagaya ni Chloe.

Nalasaan niya ang pait ng ginawa nitong panloloko sa kanya. Totoong minahal niya ito, paanong nagawa siya nitong saktan?

“Sir Flynn, may orders po,” imporma ng isang crew niya.

“Give me the slip, ako na’ng gagawa,” prisinta ni Leigh.

Kapag naroon siya sa *Bliss* ay personal na inaasikaso niya ang mga orders ng mga customers. Pero kapag naroon naman ang dalawang kaibigan niyang sina Sky at Leigh, palitan sila sa paggawa ng mga orders. Kahit pa sabihing solong negosyo niya ang *A bite and a cup of Bliss* at ng dalawang sangay niyon sa magkaibang panig ng Metro Manila ay hindi pa rin niya napipigilan ang mga kaibigan niyang tumulong doon katulad ng ginagawa ng mga ito sa restaurants na pag-aari nilang tatlo—ang *Three Men and a Plate*.

May apat na branches na ang *Three Men and a Plate* na nagkalat sa buong Luzon. At kasalukuyan nilang pinagpaplanuhang magbranch out sa Cebu at Davao. Naisipan nilang itayo iyon pagkatapos nilang sabay-sabay na



ma-bore sa kinasuungang trabaho. Culinary Arts graduates silang tatlo, pero pagkatapos ng college graduation nila ay napasok sila sa ibang mundo.

Skylar Uytingco managed a corporation owned by his family. Leigh Dashiell Lim ran a five-star hotel. Flynn, on the other hand, concentrated on his family's legacy, ang engineering firm na pag-aari ng ama niya.

Noong una ay alam niyang malaki ang disgusto ng daddy niya sa kinuha niyang kurso, pero dahil na rin sa tulong ng kapatid niyang si Primo ay nakumbinsi nila itong payagan siyang kumuha ng Culinary Arts at si Primo na ang sumunod sa yapak nito bilang isang inhinyero.

Todo-suporta naman ang mommy nila sa desisyon niya kaya hindi na nakaprotesta pa ang kanyang ama. Pero kahit ganoon man ay hindi pa rin ito tumitigil na kumbinsihin siyang subuking pag-aralan ang field na tinatahak nito.

Noong bagong graduate pa lang si Flynn ay sinubukan niyang pamahalaan ang firm na pag-aari nito. Pero sa kalaunan ay lumabas pa rin ang dugong-kusinerero niya. Na-miss niya ang mabangong amoy ng mga pagkain.

Itinayo nila nina Sky at Leigh ang *Three Men and a Plate*. Nang makitang pumatok iyon sa

madla at nagkaroon pa sila ng mga parokyano ay itinayo naman niya ang *A bite and a cup of Bliss*.

Kung sa restaurants ay iba't ibang klaseng Pinoy dishes ang isini-serve nila, animo isang dessert house naman ang café niya. There, he served different flavors of cakes, kinds of coffee and even tea.

So far, so good naman ang negosyo nila. Kaya noong minsang nag-reunion ang angkan nila sa mother side, biglang nagtanong ang mga nakatatanda kung kailan siya lalagay sa tahimik at bubuo ng sariling pamilya.

On instinct, he was being put on the hot seat. Ibig niyang matawa sa mga oras na iyon. Why, marriage wasn't his cup of tea. He didn't believe in commitment. Sure, he loved Chloe but it wasn't enough reason for him to tie the knot. But then, Chloe kept on giving him hints that she wanted them to get married.

When he realized things over, isang tanong ang pumasok sa isip niya. *Why not?*

They'd been together for almost a year. He loved her company and she let him do everything he loved to do. Kailanman ay hindi niya ito kinaranggan na nagseselos ito sa pinaggagawa niya. Now he understood why, dahil hindi

naman pala siya nito totoong mahal. Ang akala pa niya, mabuti itong gawing asawa. No hassle, less arguments.

Pero matapos niyang makita ang kataksilan nito sa ibang lalaki, parang ibig tuloy niyang iuntog ang ulo sa kitchen counter. How could he be so stupid? For all he knew, baka pinagtatawanan na siya nang palihim ni Chloe at ng lalaki nito.

Naikuyom niya ang kamao sa naisip.

Tumikhim si Sky. Napatingin siya sa gawi ng kaibigan at nakita niyang mataman siyang pinagmamasdan nito. Tila may ideya na ito sa kaganapan. Ganoon nga siguro kapag sobrang close na, hindi na kailangan ang thorough explanation.

“Kung ayaw mo talagang ituloy ang proposal, then don’t,” nakakaintinding sabi nito.

“Tama si Sky, ‘tol. Don’t worry, kami na lang ang uubos nitong mga cupcakes,” segunda ni Leigh.

“Punta tayong Pag-asa, Flynn. Isangla natin ang singsing na binili mo,” hirit uli ni Sky.

Inabutan siya ni Leigh ng isang cupcake. “O, tikman mo muna.”

Wala sa sariling tinanggap niya iyon.

“Para sa pagpili ni Flynn sa buhay single!”

malakas na sabi ni Sky na itinaas ang hawak nitong cupcake.

Sumunod si Leigh, “Para sa marami pang bebot na darating!”

Natatawang ipiningki niya ang cupcake niya sa hawak ng mga ito. “Mga ‘tado.”

“O, nasa’n na ang singsing?” ani Sky.

Ibinuka ni Flynn ang isang kamay niya. Nagsalubong ang mga kilay niya. Wala roon ang singsing na hawak niya kanina!

“Where’s my ring?”

Sky snorted. “Aba, ano’ng malay ko? Baka nauna na iyon sa sanglaan.”

Kinapa niya ang magkabilang bulsa ng kanyang pantalon pero wala. Maging ang chest pocket ng polo shirt niya ay sinilip niya. Pero ang kahita lang ang tanging nandoon. Wala ang singsing!

Saan napunta ang singsing niya?

Imposibleng nabitawan niya iyon dahil hindi naman siya nakarinig ng ingay na may nahulog sa kitchen counter. Puwera na lang kung hindi iyon lumapag sa counter, bagkus ay tuluy-tuloy iyong na-shoot sa loob ng tea o mocha frappé na ginawa ni Leigh.

Natandaan niyang pinadaan nito sa harap

niya ang tray na naglalaman ng orders.

“Nasaan ‘yung orders na nandito kanina?” bulalas niya.

“Malamang pinagsasawaan na iyon ng nag-order,” balewalang tugon ni Leigh.

“This can’t be!”

“No, it can be. Ang galing ko kayang gumawa ng frappé. Kung kompetensyahin ko kaya ang negosyo mo, ‘tol? Tapos diyan sa tabi ako magtatayo ng café ko?” daldal ni Leigh.

Nakarinig sila ng biglang pagpailanlang ng isang awitin. Sabay silang nagkatinginan. Bakas sa mga mukha nila ang pagtataka.

*Forever can never be enough for me...*

*Feel like I’ve had long enough with you...*

“Bakit pinatugtog ang kantang ‘yun, Flynn? Akala ko, di matutuloy ang proposal?” ani Sky na siyang unang nakabawi.

“Patay! Nakarami na tayo ng kain ng cupcakes, ‘tol. Gagawa na lang ako ng bago, Flynn,” sabad ni Leigh.

*Forget the world now,*

*We won’t let them see...*

*But there's one thing left to do.  
Now that the weight has lifted,  
Love has surely shifted my way...*

Kinalabit siya ni Leigh. “Tol, una, ang singsing mo ang nawala. Ngayon naman, may nagnakaw sa kanta mo. Ano’ng ibig sabihin nito?”

“Kung sino ang nagnakaw ng kanta, siya ring nagnakaw ng singsing?” hula ni Sky.

Mabilis na naibaba ni Flynn sa lalagyan ang hawak na cupcake saka nagmadaling lumabas ng kusina.

Maaari kayang dumating na si Chloe kaya pinatugtog ng tauhan niya ang kantang nakalaan sana sa gagawin niyang proposal?

*No, this can't be!*

# Chapter Four



*Marry me... Today and everyday...*

**M** Hindi mapigilang mapangiti ni Gelay nang marinig ang awiting iyon. Hindi dahil sa ganda ng melody kaya siya kinikilig kundi dahil mismo sa lyrics. Animo kinukumbinsi ng lalaking kumakanta ang babaeng iniibig nitong magpakasal na.

Isa pang ngiti ang sumilay sa kanyang mga labi. Kailan kaya siya makakaranas na kakantahan din ng isang lalaki? Kailan kaya may mag-aayang magpakasal sa kanya at handang ialay ang lahat sa kanya?

*Marry me...*

Nakangiting pinasalamatan niya ang crew

na may dala ng orders niya. Napansin niyang sa kanya natuon ang atensyon ng lahat.

“May dumi ba ako sa mukha ko?” aniya sa nakangiting crew na hindi pa rin umaalis sa harap niya.

Magalang itong umiling. “Ah, wala po, Ma’am. Sige po, ingat po sa pag-inom ng iyong tsaa.”

Tabinging ngiti ang iginawad niya rito. Pero bigla ring napalitan iyon ng walang kasing-tamis na ngiti nang makita niyang lumabas mula sa isang pinto malapit sa counter ang walang kangiti-ngiting si Flynn.

Sa paningin niya, para bang mas lalo yata itong naging guwapo ngayon. Walang mapaglagaan ang kilig na nararamdaman niya. Sa muli, nasilayan niya ito.

*If I ever get the nerve  
To say hello in this café,  
Say you will... say you will...*

Wala sa sariling nadampot niya ang tasa ng tsaa at nilagok iyon. Para lang manlaki ang mga mata nang maramdamang may matigas na bagay na sumabit sa ngipin niya.



Iniluwa niya iyon sa kamay at mas lalo pa yatang nanlaki ang mga mata niya sa nakita. It was a diamond ring!

Nagkaroon ng ingay ang paligid. May impit na nagtilian, mayroon ding suminghap.

Nakita niyang naglalakad patungo sa direksyon niya si Flynn, a blank expression on his face.

Wala sa loob na napalunok na lang siya. Iyon na ba ang sagot ng kanyang mga hiling? Dininig na ba ng Maykapal ang kanyang dasal?

Wala sa sariling napatayo siya mula sa kinauupuan. Muling nagkaroon ng tilian sa paligid. Kiming ngumiti siya kay Flynn nang tuluyang makalapit ito sa kanya.

“What the hell was going on here?”

Lahat ng atensyon nila ay nabaling sa pintuan nang marinig ang boses na iyon. There stood Flynn’s girlfriend. May lalaking nakatayo sa likuran nito, nakabitin pa sa mukha ng mga ito ang isang ngiti.

Hindi alam ni Gelay kung ano ang nangyayari, pero batid niyang may hindi tama.

“Babe, what are you doing?” muling singit ng babaeng bagong dating.

Tumikhim ang lalaking may dalang tray na

nakatayo malapit sa counter.

“Nagpo-propose si Flynn. Mamimigay din kami ng cupcakes as giveaways mamaya. Manghihingi ka, Chloe?”

Dahil sa sinabi nitong iyon, napatitig si Gelay sa kaharap. Nakatingin din pala ito sa kanya at tila may kung anong ipinapaintindi gamit lamang ng tingin nito. Bumaba ang mga mata nito sa kamay niyang nasa pagitan nila at nakakuyom dahil sa hawak niyang singsing. Tumingin din siya roon at ibinuka ang kamay. Kumislap ang bato ng alahas sa liwanag ng ilaw. Muli niyang ikinuyom ang kamay upang itago ang singsing. Muling nagsalubong ang mga mata nila ni Flynn.

“Shut up, Leigh! Mamimigay lang tayo kapag pumayag ang babaeng aalukin ni Flynn na pakasalan siya. Kung hindi, ibebenta natin ‘tong cupcakes. Sayang din ang kita,” turan ng lalaking katabi nito.

Tumawa ang tinawag na Leigh. Maging ang ibang customers doon ay nakitawa.

“Don’t worry, Sky. Mapapa-oo niya ang girl. Manalig ka sa kaibigan natin,” kompyansang sagot nito.

*Marry me...*

*If I get the nerve  
To say hello in this café,  
Say you will... say you will...*

Wala sa loob na muling tiningala ni Gelay ang lalaking nasa harapan niya. Hindi niya mabasa ang mukha nito, pero tila nagsusumamo ang mga mata na para bang nakikiusap na makisakay siya sa pangyayari.

“Hello.” May sumilay na ngiti sa mga labi nito.

Patuloy namang tumutugtog ang awitin.

Kitang-kita niyang pinagtitinginan siya ng lahat. Na para bang hinihintay ng mga ito ang sasabihin niya—ang isasagot niya.

Tuloy, wala sa loob na nasambit niya ang, “I do?”

Kasabay ng pagpalakpakan ng mga nakasaksi sa nakakakilig na eksena ay hindi niya naiwasang masulyapan ang girlfriend ni Flynn. Kitang-kita niya ang panggagalaiti nito at pagkapahiya.

*Buti nga sa ‘yo, babaeng taksil!*

“Bigayan na ng cupcakes!” anunsyo ni Leigh.

Nagkaroon uli ng ingay sa buong café. Nang makitang wala na sa kanila ang atensyon ng mga tao ay pasimple niyang hinila si Flynn palabas

doon.

“Uy, binibini! Itatanan mo na si Flynn?” pigil na sigaw ni Sky.

“Hihiramín ko lang,” pakikisakay niya sa biro nito.

Nag-thumbs-up ito. “Gan’un? Sige lang. Kahit ‘wag mo nang ibalik.”

“Shut up, Sky!” saway ni Flynn dito.

Natatawang tinungo niya ang pinto habang hila-hila pa rin ang binata.

Nilinga niya ito saglit. “Sa labas tayo. Kahit pa guwapo ka, di ko papalagpasin ‘to.” Nagpatiuna na siyang lumabas.

She was about to pull the door open when someone grabbed her by her arm. Ang girlfriend ni Flynn ang nalingunan niya.

Pumiksi siya mula sa pagkakahawak nito. “Ano’ng problema mo, Miss?”

“Boyfriend ko ang balak mong tangayin. Tingin mo, papayagan kita?” pagmamaldita nito.

Hindi niya ito pinansin at muling tinangkang hilahin ang pinto. But then again, the bruhilda got a grip on her arm.

“Suntukan na lang tayo, gusto mo?” hamon niya rito.

Nagsisimula nang umabot sa level one

hundred and one ang pagkainis niya sa babaeng ito.

“I’m asking you, why are you taking—”

“Wag mo akong ma-English, babae ka. Naiinis na talaga ako sa ‘yo! Tumigil ka na kung ayaw mong samain sa ‘kin,” babala niya.

“He’s my boyfriend! Don’t take him away!”

Nakipagtitigan siya rito. “Sa pagkakaalam ko, fiancé ko na ang inaangkin mong boyfriend mo. Mawalang-galang na pero hindi ka China. Kaya ‘wag kang mang-angkin.”

“You bitch!”

Akmang susugurin na siya nito ng sampal nang maramdaman niya ang marahang paghila sa kanya ni Flynn at ipinuwesto siya sa likuran nito.

“Touch her and you’ll regret it for the rest of your life. That’s a promise, *babe*.” Binigyang diin pa nito ang huling kataga.

Biglang naging maamo ang mukha ni Chloe.

“Babe, everything was just a prank, right?” Pumulupot pa ang kamay nito sa braso ni Flynn.

“Stop that, Chloe,” saway rito ng binata.

Nakita niyang hinila si Chloe ng lalaking nasa likuran nito. Pumiksi ang babaeng harot.

Muli itong nagtangkang lumingkis kay Flynn

kaya humarang na siya at hinarap ito.

“Isa pang hawak mo, makakatikim ka na sa ‘kin.”

Chloe stopped on her track. Nangingkit ang mga mata nito.

“Guys, guys, awat na. ‘Wag kayong mageskandalo rito,” pigil ni Sky sa kanila.

Binalingan ni Flynn ang mga kaibigan nito. “Kayo muna ang bahala rito.”

Tinanguan ito ni Sky.

Sumingit na si Gelay, “Tara na.”

Tumalikod na siya. Akmang aabutin na niya ang handle ng pinto nang maunahan siya ni Flynn. Ito na ang nagbukas ng pinto para sa kanya.

“Are you out of your mind, Flynn? Ako ang girlfriend mo, pero iba ang inalok mong pakasalan! And what? Sa lahat pa ng p’wede mong ipalit sa akin, sa isang babaeng cheap pa na kagaya niya? Look at her! Iniinsulto mo naman yata ako,” hindi sumusukong wika ni Chloe.

Naikuyom ni Gelay ang kamao niya. Malapit na talagang mapigtas ang kanyang pagtitimpi. Kapag hindi siya nakapagpigil, bubugbugin talaga niya ito mula split ends hanggang ingrown.

“Cheap? Sarili mo ba ang tinutukoy mo?”

ganti niya. “Sa pagkakaalam ko kasi, ang cheap ay ‘yung pumapatol pa rin sa iba kahit may boyfriend na. Di ba ikaw ‘yun?”

Nakita niyang natigilan si Chloe maging ang lalaking tahimik lang sa likuran nito. Nang tingalain niya si Flynn ay nakita niyang nawalan din ito ng imik.

Muli niyang binalingan si Chloe. “At isa pa nga pala, babaeng mukhang lumaklak ng sandamakmak na gluta, para sabihin ko sa ‘yo, iba ang maputi sa maganda.”

Pagkatapos sabihin iyon ay lumabas na si Gelay ng café. Iniwan niya ang lahat na nakanganga. Nakuha namang kumilos ni Flynn at sumunod sa dalaga.



“Ano’ng drama mo kanina? Mag-explain ka nga,” untag ni Gelay kay Flynn.

Kanina pa ito tulalang nakatitig lang sa mesa nilang walang nakahain. Kasalukuyan silang nasa loob ng food court ng mall. Hawak-hawak pa rin niya ang singsing na muntik na niyang malulon kanina.

“How did you know about Chloe’s affair?” sa halip ay usisa nito.

Ipinaikot niya ang eyeballs at lumabi. “Duh?

Hindi ako tanga.”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Alam kong nagmukha akong tanga dahil sa ginawa nila, pero ‘wag mo nang ipagdiinan pa, okay?”

Nagkibit-balikat lang siya.

“Naiintindihan mo ba ako?” ulit ni Flynn.

“Di ako bobo. At hindi ako tanga.”

“Isa pang pagsasabi mo ng tanga—”

Pinandilatan niya ito. “Ano’ng gagawin mo, aber?”

“Wala naman. Makikinig lang ako ‘tapos ilalabas ko sa kabilang tainga ko.” Animo nang-aasar pa ito.

Umismid siya at tumayo. “Babalik na ako sa trabaho at baka masisante pa ako. Iyong order ko nga pala, di ko nakuha kanina.”

“What’s your name?” biglang tanong nito.

“Bakit mo tinatanong?”

Tumayo na rin ito. “Okay lang naman kung ayaw mong sabihin. Anyway, please give me back my ring.” Inilahad pa nito ang kamay kaya wala siyang nagawa kundi ibigay rito ang singsing. Tinalikuran na siya nito.

Ngitngit ang loob na naglakad si Gelay pabalik sa pinagtrabahuhan niya. Buwisit na lalaki! Hindi man lang siya pinilit alamin ang



pangalan niya. At hanggang sa nakapasok na siya sa stall ng *RGT*, nakabusangot pa rin siya.

“Ilang oras kang nagkulong sa banyo?” kaagad na bungad sa kanya ni Sheila. “Nasaan ang pinapabili ko sa ‘yo?’”

“Under repair po kasi ‘yung CR sa third floor, Ma’am. Kaya sa ground floor pa po ako nagbanyo,” palusot niya.

“Pero inabot ka nang mahigit isang oras? ‘Wag mong sabihing gumapang ka patungong ground floor?’”

Pinatunog niya ang mga daliri sa kamay. Iyon ang ginagawa niya kapag nate-tense siya.

“Hindi po, Ma’am.”

“Give me back my money and you can go.”

Nagtaka siya. “Ano po ang ibig ninyong sabihin, Ma’am?”

Pinagtaasan siya nito ng drawing nitong kilay. “You are fired.”

“Ma’am, hindi na po ako uulit. Bigyan po ninyo ako ng isa pang pagkakataon,” samo niya.

Hindi puwedeng mawalan siya ng trabaho! Paano na lang ang pang-araw-araw na pangangailangan nila?

“Ma’am Sheila, please po. Di na po talaga mauulit, Ma’am,” pakiusap niya sa amo.

“Ayoko ng tauhang lagalag. Ibalik mo sa akin ang pera ko at lumayas ka na,” anitong inilahad ang kamay sa kanya.

“Bumili na po ako, Ma’am. Babalikan ko na lang ang orders mo sa café,” nakayukong sagot niya.

“Lintek! Wala ka talagang kasing-gaga—”

“You don’t have any right to shout at my fiancée like that.”

Sabay silang napabaling ng tingin ni Sheila sa pinagmulan ng boses. Nakita niya si Flynn na salubong ang mga kilay habang nakatingin sa kanila.

“H-hi, Flynn,” nauutal na bati ng amo niya. “A-ano nga ulit ‘yung sinabi mo?”

“You can get your order at my café, have anything you want, but don’t you ever shout at my fiancée again.”

“F-fiancée mo? ‘Tong si Gelay?”

Hindi nito pinansin ang animo nahipan ng itim na mahikang pagmumukha ng amo niya. Lumigid ito sa gawing pinto ng stall nila.

“Get out from there, Gelay. From now on, you don’t have to work in here.”

Ibig niyang maluha sa ipinakita nitong pagmamalasakit sa kanya. Bukod kay Trixie,

wala na siyang ibang matawag na kakampi. Ang pamilya naman niya, mas nasanay na siyang maging tagapagtanggol ng mga ito. Siya dapat ang maging malakas para sa mga ito.

Until Flynn...

“Kailangan ko ng trabaho.” Nangilid ang luha sa kanyang mga mata. Hindi dahil sa napipintong pagiging tambay uli niya kundi dahil sa pagka-touch sa ginawa ng binata.

Kumunot ang noo ni Flynn. “If you really wanted to have a job, then you can work for me. I’ll double your salary.”

Narinig niya ang pagsinghap ng hindi makapaniwalang boss niya.

Napatulala si Gelay sa sinabi ng lalaki. Ibig sabihin kasi, may pagkakataon na siyang makasama si Flynn pagkatapos ay babayaran pa siya sa pagtatrabaho niya rito.

Aba, grasya iyon. Tatanggi pa ba siya?